

Maibabalik ang mga Ninakaw ng Demonyo sa Iyo

A Lord's Flock General Assembly Topic

By: Soar Techie Rodriquez, Elder-FounderTLF
September 19, 2020

Gustong-gustong nakawin ng demonyo hindi lamang ang yaman natin sa mundo kundi pati ang ating yamang espirituwal; subalit, kayang-kaya namang ibalik ng Diyos ang mga ninakaw sa atin ng ating kalaban.

1. Ang pagbabalik ay ipinaliwanag sa Bibliya na pagdami o paghusay sa ginagawa para maging mas mabuti kaysa sa naunang katayuan.

1.1 “Kaya lamang pupunta rito ang magnanakaw ay upang magnakaw, pumatay, at magwasak. Naparito ako upang ang mga tupa’y magkaroon ng buhay - buhay na ganap at kasiya-siya (Jn. 10:10).

1.2 Pinadala sa Egipto ang mga balang bilang isa sa mga salot (Exo. 10 4-6). Kinain nila ang mga punongkahoy.

1.3 “Ibabalik ang lahat na nawala sa inyo nang kayo’y pinsalain ng katakut-takot na balang. Ako ang nagpadala sa hukbong ito laban sa inyo (Joel 2:25).

1.4 Noong panahon ni Eliseo, nanghina ang Samaria sa matinding gutom at sa pagkubkob ni Haring Ben-hadad. Ngunit iniligtas ng Diyos ang Samaria mula sa kaaway at tinulungan silang halughugin ang kampo ng kaaway (2 Hari 7:16).

2. Ang gustong ibalik ng Diyos sa atin:

2.1 Pagpapanumbalik sa relasyon natin sa Diyos

- Ipinapakita sa kuwento ng Alibughang Anak ang walang kondisyong pag-ibig ng Diyos sa Kanyang mga anak na nagsisisi.
- Magkakaroon lamang ng pagbabalik kung hihingi tayo ng paumanhin at magbabagong buhay. Laging may pag-asa ang mga taong nagsisisi.
- Hindi lamang nagpapatawad ang Diyos, kundi nagbabalik pa sa mga nawala dahil sa ating mga kasalanan.

2.2 Pagpapanumbalik sa ating mga biyaya

- “Mga bukirin, huwag kayong matakot, kayo ay magsaya’t lubos na magalak, sapagkat

napakalaki ang ginawa ni Yaweh para sa inyo. Mga hayop, huwag kayong matakot; luntian na ang mga pastulan; namumunga na ang mga punongkahoy; hitik na ang bunga ng igos at ang ubas” (Joel 2: 21-22).

- Ipinangako ng Diyos na tutuparin Niya ang lahat ng ating pangangailangan, sa pamamagitan ng pagpapatawad sa atin, at sa pagbibigay ng layunin sa ating buhay.
- Hinihiling ng ekonomiya ng Diyos sa magnanakaw na magbalik ng doble bilang kabayaran sa kanyang ninakaw (Exo 22).
- Ibinalik si Job sa dati niyang kalagayan. Ibayo ang naging kayamanan niya kaysa sa dati.
- Nabawi ni Abraham ang nasamsam na ari-arian (Gen 14:16).
- Mag-ingat na huwag maghiganti para lang maibalik ang mga nawala sa atin. Ipagtatanggol tayo ng Diyos (Awit 37:6; Neh 6:16)
- “Tandaan ninyo ito: ang sinumang mag-iwan ng bahay, o mga kapatid, ina, ama, mga anak, mga lupa dahil sa akin at sa Mabuting Balita ay tatanggap ng makasangdaang ibayo sa buhay na ito- mga bahay, mga kapatid, mga ina at mga anak, at mga lupa - ngunit may kalakip na pag-uusig. At sa kabilang buhay ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan” (Mk 10:29-30).

Gusto ni Satanas na sirain tayo, ngunit gusto ni Jesus na bigyan tayo ng buhay na ganap. Kung pahihintulutan natin ang Diyos na ibalik ang ating relasyon sa Kanya, ibabalik din Niya ang mga nawalang biyaya sa atin.

Pagninilay: Inaasam-asam mo pa ba ang mga magagandang bagay na pag-aari mo noon?

Ibaling mo ang iyong atensyon sa pinakadakila at nagbabalik ng dating pag-aari.

Isinalin ni: Sis Nida Cruz

Na-edit at naaprobahan ni: Sis Vera Tuplano

For more Teachings, visit our website:

www.Lordsflock.org/Teachings/ReadingMaterials